H
E
K
A
S
I

6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MAGKAKAPANTAY KAHIT IBA-IBA

Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS), DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***


This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE VI

# MAGKAKAPANTAY KAHIT IBA-IBA

## ALAMIN MO




Pag-aralan mo ang larawan.

Sinu-sino ang mga nasa larawan?

Iba-iba ba ang lahing pinagmulan?

Pareho ba ang kulay ng kanilang balat, hugis ng kanilang mata at ilong?
May mayaman ba o mahirap sa kanila?
Sa iyong palagay, magkakaiba ba sila o magkakatulad?

Sa pag-aaral mo ng modyul na ito, matutuhan mo kung ang mga Pilipino ay pantay-pantay.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Pumili ng limang titik na nagsasaad ng pagpapahalagang nakapagpapaunlad. Isulat ang mga ito sa sagutang papel.

a. Pagkamagalang sa nakatataas ng tungkulin sa tanggapan.

b. Pakikisama kahit sa tiwaling kaparaanan.

c. Ipinakita ni Jomar ang angking talino at kakayahan sa taong tumanggap at nagpasok sa kaniya sa trabaho.

d. Sa bawat bansang mapuntahan, ipinagmalaki ni Janice ang bansang kaniyang pinagmulan.

e. Gumagawa na ng paraan si Aida upang matupad ang mithiing maging maayos ang kaniyang pamumuhay.


f. Nag-aaral nang mabuti si Samantha upang makakuha ng mataas na marka.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | 2. | 3. | 4. | 5. |


## PAG-ARALAN MO

Bago mo simulan ang pag-aaral. Sagutin mo muna ang mga tanong sa ibaba.

Sino/Ano ang Mahalaga sa Iyo?







- bata
- kababihan
- maraming kaibigan
- kayamanan
- kalusugan
- kalayaan

- o matanda
- o kalalakihan
- o kaunting kaibigan
- o kagandahan
- o katalinuhan
- o kapangayarihan

Ang mga nabanggit ay mahalaga. Ito ay mga kaugnayan sa paksang iyong pag-aaralan.

- ➢ Masdan mo ang larawan. Basahin mo ang report ni Jayar.



Bawat tao ay mahalaga, anuman ang lahing kaniyang pinagmulan. Iba-iba man ang kanilang kulay ng balat, hugis ng ilong at mata. Magkakaiba man ang katayuan sa lipunan at di pagkakatulad sa pagpapahalaga at paniniwala, iisa pa rin ang kanilang puso, diwa at pananalig sa simulain ng kalayaan at demokrasya.

Saan ka man pumaroon, madarama mo na ang mga Pilipino ay naniniwala sa pagkakapantay-pantay ng mga tao.

Magkakatulad ba ang lahat ng tao o may pagkakaiba? Bakit?
Isulat mo sa tsart ang pagkakaiba o pagkakatulad ng mga tao.


TAO

| PAGKAKAIBA-IBA | PAGKAKATULAD |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

➢ Suriin mo naman ang report ni Zenaida. Kilalanin mo ang mga nasa larawan sa ibaba.






Ang lahat ng tao ay dapat magtamasa ng pantay-pantay na karapatan at pare-parehong pagkakataon na mapaunlad ang kaniyang buhay. Mahirap man o mayaman, anuman ang kaniyang pinag-aralan ay may karapatang humawak ng tungkuling pambayan. Ang mahalaga ay ang kanilang mga ugali at katauhan.

Si Andres Bonifacio ay isang maralitang taga-Tondo. Si Apolinario Mabini ay isang lumpo. Si Ramon Magsaysay ay iang karaniwang mekaniko. Si Elpidio Quirino ay anak ng isang guwardiya sa bilibid. Lahat sila ay itinuturing na lider nang kanilang kapanahunan.

Bago ka magpatuloy sa iyong pag-aaral. Gawin mo muna ito. Sa iyong binasa, anu-ano ang nagpapakita ng pagkakapantay-pantay ng tao? Itala mo ang iyong sagot sa ibaba




- Nais mo bang malaman kung pantay-pantay ang karapatan ng mga babae at lalake sa ating bansa?

  Pansinin mo ang mga nasa larawan sa ibaba.
  Basahin mo naman ang pag-uulat ni Rosario




Naaayon sa Saligang Batas ang pagkakaroon ng pantay na karapatan ang mga babae at mga lalake.  Mahirap man o mayaman ay nararapat bigyan ng pantay na pribilehiyo, gawain at pangangalaga ng pamahalaan.  Walang sinumang dapat itangi sa pagpapatupad ng batas.  Pinuno man ng pamahalaan o pangkaraniwang mamamayan, may kalayaan angbawat isa na ipagtanggol ang sarili sa hukuman kung siya ay naparatangang nagkasala.  Lahat ay dapat sumunod sa batas, may kapansanan man o wala, bata man o matanda.

Ang pang-aapi at di-makatarungang gawain ay mahigpit na tinututulan sa bansang may demokrasya.  Ang mamamayang Pilipino ay nagkakabuklod sa hangaring makamit ang pantay na karapatan at hustiya.  Ang sinumang  nasa katuwiran ay dapat na may proteksyon sa ilalim ng batas.

Mahalaga ba ang pagkakapantay-pantay ng tao sa kapayapaan at katiwasayan ng bansa? Bakit?

Subukin mong isulat naman sa grapikong presentasyon ang kahulugan o nagpapakita ng pagkakapantay-pantay ng mga tao.




## PAGSANAYAN MO

Sinasabing may pagkakapantay-pantay ang tao. Ngunit may mga pagkakataon na hindi ito nasusunod.

Ilagay mo sa basket A ang bilang na nagpapakita ng pagsunod sa pagkakapantay-pantay ng tao at Basket B and hindi nagpapakita ng pagsunod.

Isulat ang wastong sagot sa kuwadernong sagutan.




1. Lahat ng tao ay may karapatang ipagtanggol ang sarili sa hukuman.
2. Anak mayaman lang ang maaring mag-aral sa mga pribadong paaralan.
3. May pagkakataong makapamuhay ng produktibo kahit may kapansanan.
4. Magkakaiba ang tinatamasang karapatan at kalayaan ng mahihirap at mayayaman.
5. Ang mga mahihirap ay hindi dapat magbayad ng buwis.
6. Mayayaman lamang ang puwedeng mag may-ari ng lupa at bahay.

7. Sa harap ng batas walang mayaman at mahirap.

8. Wlang maasahang tulong ang mga may kapansanan sa pamahalaan.


9. may pagkakataong ang bwata mamamayang mapaunlad ang sarili.

10. Ang biyayang dulot ng kalikasan ay para lamang sa mga mahihirap.




## TANDAAN MO

Ang pagkakapantay-pantay ng tao ay nangangahulugan ng pagkakabuklod ng mamamayang Pilipino na may hangaring makamit ang pantay na karapatan at hustiya upang mapaunlad ang kanyang sarili



## ISAPUSO MO

Ano ang nararamdaman mo kung ikaw ang nasa sumusunod na sitwasyon? Iguhit ang mukhang angkop sa iyong damdamin. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong nararamdaman.



Sitwasyon 1: Kahit na anak ng mayora si Ryan, siya ay nakulong din dahil sa paglabag sa batas.

Sitwasyon 2: Mahirap lamang sina Aida, pero dahil siya ay masipag mag-aral siya ay naging balediktoryan.


Sitwasyon 3: Si Benedict ay anak ng mag-asawang tindera ng isda sa palengke. Kahit siya ay nakapag-aral di siya puwedeng manungkulan na bilang pinuno ng bayan.




## GAWIN MO

Basahin ang laman ng mahiwagang bola. Pagsamahin mo ang dalawang salita na nagpapakita ng pagkakapantay-pantay ng tao.

Isulat mo ang mga salita sa bawat kahon.





## PAGTATAYA

Isulat ang Tama kung ang sinasabi sa pangungusap ay magpapakita ng pagkakapantay-pantay at isulat ang Mali kung hindi.

1. Pinarusahan kaagad si Ines sa kanyang kasalanan dahil siya ay mahirap.

2. Si Salvacion Montemayoray tinanggap sa Philippine Military kahit siya ay babae.

3. Nais nina G. at Gng. Pantanilla na tumira sa isang subdibisyon. May pera silang pambili pero hindi sila pinayagan ngmay-ari ng subdibisyon.

4. Ang mga nakasakay sa wheel chair ay pinalalaanan ng tanging lugar bilang paggalang sa kanilang kapansanan.

5. Kahit na pinuno ng tanggapan si Ginoong Vasquez, siya ay nakulong din sa paglabag sa batas.

6. Mahirap lang sina Rosanna. Nagpatala siya sa isang paaralang pribado at tinanggap naman siya.

7. Hinalughog ng mga maykapangyarihan ang tahanan ni Mang Eduardo habang siya ay wala.

8. Si Renato ay anak-mayaman kaya siya ay tinutulungan ng pamahalaan na makalaya kahit siya ay may kasalanan.

9. Marunong ngunit maralita lamang sina Marissa ngunit pumili siya ng paaralang mapapasukan niya.


10. Napagbintangan si Romano na kasama sa mga nagnakaw sa bangko. Binigyan siya ng abogado ng pamahalaan upang maipagtanggol ang kanyang sarili.



PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Sumulat ng isang talata o gumuhit ng larawan tungkol sa islogan.

"Lahat ng tao'y pantay sa batas ng tao at ng Diyos"



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.